1

# Lingguhang Aralin sa Filipino-(Wika)

Kuwarter 1

Linggo

6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Filipino 1**
**Kuwarter 1: Linggo 6**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Development Team**

**Writer** : **Jennifer Rama**

**Sinuri at Pinagyaman** : **Sarah D. Naval**

**Naglapat** : **Danilo Jr. V. Hernandez**

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, Chief Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor

Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Pagbasa at Panitikan |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | 1 Week 6 |

| | DAY 1 | DAY 2 | DAY 3 | DAY 4 |
|---|---|---|---|---|
| **I. CURRICULUM CONTENT, STANDARDS, AND LESSON COMPETENCIES** | | | | |
| *A. Content Standards* | The learners demonstrate phonological awareness in decoding developmentally- and grade level-appropriate words; understand and create simple sentences to express meaning about oneself, family, and everyday topics (narrative and informational). | | | |
| *B. Performance Standards* | The learners use phonological and alphabetic knowledge to read/write words accurately with/for meaning and narrate personal experiences with family and content-specific topics. | | | |
| *C. Learning Competencies* | RL1PA-I-5 Identify initial sounds<br>RL1PWS-I-1 Produce the sound of the letters of L1.<br>RL1CCT-I-3 Express ideas about:<br>a. oneself and family<br>RL1CAT-I-1 Comprehend stories<br>RL1PWS-I-5 Sound out words accurately. | RL1PA-I-5 Identify initial sounds<br>RL1PWS-I-1 Produce the sound of the letters of L1.<br>RL1CAT-I-1 Comprehend stories | RL1PA-I-5 Identify initial sounds<br>RL1PWS-I-1 Produce the sound of the letters of L1.<br>RL1CAT-I-1 Comprehend stories<br>RL1PWS-I-5 Sound out words accurately. | RL1PA-I-5 Identify initial sounds<br>RL1PWS-I-1 Produce the sound of the letters of L1.<br>RL1CAT-I-1 Comprehend stories<br>RL1PWS-I-5 Sound out words accurately. |
| *D. Learning Objectives* | A.Describe their emotions and preferences related to a specific celebration or activity.<br><br>B.Identify and correctly produce the initial sound of /i/. | A.Recognize and understand that the "who" is a question word used to ask about people.<br><br>B.Identify and produce the initial sound of /o/.<br><br>C.Write the letter o. | A.Retell the story, emphasizing the names and emotions of the characters.<br><br>B.Review how to identify and produce the initial sound of /o. | A.Introduce the sight word “ay”.<br><br>B.Blend two to three sounds heard to form a spoken word (m,s,a,i,o).<br><br>C.Read phrases and sentences using words learned. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | C.Blend two to three sounds<br>(m, s, a, i) to form a spoken word. | | C.Blend the sounds (m, s, a, I, o) heard to create a spoken word. | |
| *E. Anchor* | Respect and Perseverance | | | |
| **II. CONTENT** | Reading words and sentences with i and describing one's emotions related to a celebration or activity | Reading words and sentences with o | Reading words with o and identifying the names and emotions of the characters in a story | Reading words and sentences with 'ay' |
| *A. References* | I song<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=qI96dxSHKZM&t=80s | O song<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=LNOyDBy5ZU<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=KLmY56RYCSc | O song<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=LNOyDBy5ZU<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=KLmY56RYCSc | Mais sa Mesa<br>Marungko Booklet |
| **IV. TEACHING AND LEARNING PROCEDURES** | | | | |
| **Before/Pre-Lesson Proper** | | | | |
| *Activating Prior Knowledge* | Awitin ang awit sa letrang Ii.<br><br>Maglaro ng " Catch the Fish".Anyayahan ang mag-aaral na manghuli ng isda na may larawan na nagsisismula lahat sa letrang Ii. | Awitin ang awit sa letrang Ii at magbalik-aral kung paano isinusulat ang letrang Ii.<br><br>Pagkatapos tumawag ng isang mag-aaral para bumunot/kumuha ng misteryosong letra sa loob ng sobre. | Awitin ang awit sa letrang O<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral na ang salitang BEAR sa tagalog ay OSO kailangan tulungan na maituro ang tamang larawan na nagsisimula sa letrang O. Ipakita ang larawan na nagsisimula sa letrang O at tunog ng O. Ipasabi sa | Pagbabalik aral sa tunog na mga letrang m,s,i,o. Tapos bawat mag-aaral bubunot ng mga larawan/bagay sa loob ng mahiwagang kahon. Mula sa kahon, sabihin kung anong bagay ang nabunot at bigkasin ang tunog ng 3 beses kung saan ito nagsisimulang letra. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Pagkatapos, magsanay sa pagsulat ng letrang I sa hangin, palad ng kamay at sa mesa. | Ipakita ang letrang O at kantahin ang aiting O. | mga mag-aaral ang tunog ng O.<br>Larawan:<br>okra, oto, okoy, mais, saging, araw, orasan. | Ito ang mga sumusunod na nilalaman ng kahon<br>mais anino<br>isa<br>misa mesa<br>amo ama<br>ina/Inay |
| | | Ipaguhit ang letrang O gamit ang kanilang daliri/kamay sa hangin at habang isinusulat binibigkas ang letrang O. | | Sa tuwing nakakasagot ng tamang sagot ang mga mag-aaral ito gagantipalan Maaaring simpleng token tulad ng sticker atpb. |
| *Lesson Purpose/Intention* | Ang pag-aaralan natin ngayong araw na ito ay ang letrang I at pagbabasa ng mga salita at pangungusap. Aaralin din natin ang ating damdamin kapag may pagdiriwang ng isang kaarawan. | Ang pag-aaralan natin ngayong araw na ito ay ang tunog ng letrang O at paano isulat ito. | Ang pag-aaralan natin ngayong araw na ito ay ang letrang O at pagbabasa ng mga salita at pangungusap. Aaralin din natin kung paano magsalaysay ng kuwento, ibigay ang pangalan at emosyon ng mga tauhan. | Ang pag-aaralan natin ngayong araw na ito ay ang pagbabasa ng mga salita at pangungusap na kasama ang salitang "ay". |
| *Lesson Language Practice*<br><br>**Use different and appropriate strategies to unlock words.* | Tanungin ang mga mag-aaral kung nakapunta na sila sa simbahan. Alamin ang dahilan kung bakit nagpupunta ang mga tao sa simbahan. Tapos, | Ipakita ang mga sumusunod na larawan ng mga salita:<br><br>Okoy | Talakayin ang mga salitang hindi pamilyar sa tula/teksto o sa L1 ng mga mag-aaral.<br><br>Ipakita ang mga larawan ng mga sumusunod na salita ginamit sa teksto: | Talakayin ang mga salitang hindi pamilyar sa tula/teksto o sa L1 ng mga mag-aaral. |



DepED MATATAG BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | talakayin ang tungkol sa pagkikinig ng misa.<br><br>misa- isang pagdiriwang sa simbahan. | Oso<br><br>Oktopus<br><br>Okoy- masarap na ulam o meryenda na piniritong may hipon, gulay, at itlog. | oso, okoy | |
| | | | | |
| **During/Lesson Proper** | | | | |
| *Reading the Key Idea/ Stem* | Basahin ang teksto o tula at gamitin ang sumusunod na gawain:<br><br>Basahin ang sumusunod na teksto sa klase:<br><br>**Ang Kaarawan ni Mimi**<br><br>Kaarawan ni Mimi ngayon. May mga bisita siya na may dalang mga regalo. Masaya at nagpasalamat siya sa mga dumalo sa kaarawan niya.<br><br>Binuksan ni Mimi ang bawat regalo. Nasabik siyang makita ang mga laman nito. May nagbigay ng laruang isda sa kanya. May plastik na itlog na may | Basahin ang teksto o tula at gamitin ang sumusunod na gawain:<br><br>**Si Oskar**<br><br>May mga paboritong bagay at pagkain itong si Oskar. Ano-ano kaya ito?<br><br>Paboritong kainin ni Oskar ang okoy at okra.<br><br>Paborito rin niya ang pagsakay sa oto ng tatay niya na nagtatrabaho sa ospital.<br><br>Paborito rin ni Oskar ang oso at oktopus na hayop. Nakita at napanood niya ang mga hayop na ito sa telebisyon. | Basahin ang teksto o tula at gamitin ang sumusunod na gawain:<br><br>Basahin ang sumusunod na teksto sa klase:<br><br>**Ang Oso**<br><br>May isang oso na napadpad sa lugar ng mga tao.<br><br>Nagulat ito sa mga nakita niyang mga kakaibang bagay.<br><br>Isang oto ang dumaan sa kalsada at laking takot ng oso dito. | Basahin ang teksto o tula at gamitin ang sumusunod na gawain:<br><br>Ipakita ang tamang paraan sa pagbigkas ng salitang ito.Ilahad ang salitang ay. Ipabasa ito ng ilang ulit.<br><br>Sabihin:<br>Ito and salitang “ay.”<br>ay, ay, ay<br><br>Sabihin nyo ito ng tatlong beses:<br>ay, ay, ay<br><br>Magaling! |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | kasamang laruan na ibon sa loob. Tuwang-tuwa si Mimi.<br><br>Pero may isang regalo na nagpagulat ng husto sa kanya. Pagkabukas niya ay nagsisigaw siya sa gulat. Aba, isang laruan na ipis pala ang regalo! | | Dali-dali na tumakbo ito papalayo hanggang sa makarating siya sa isang bahay. May naamoy siyang masarap dito kaya pumasok siya sa loob. Sa mesa ay may okoy at okra. Tinikman at nasarapan ang oso dito. Natuwa siya sa kakaibang pagkain na ito.<br>"Kriingggg—" ang tunog ng orasan sa kusina at kumaripas ng takbo papalabas ang takot na takot na oso. | |
| *Developing Understanding of the Key Idea/Stem* | Pagkatapos basahin, itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Sino ang may kaarawan sa ating kuwento?<br><br>2. Ano ang mga dala ng mga bisita?<br><br>3. Ano ang mga laman ng bawat regalo? | Pagkatapos basahin, itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Sino ang bida sa ating kuwento?<br><br>2. Ano ang mga paborito niyang bagay?<br><br>3. Ano ang mga paborito niyang pagkain?<br><br>Ipakita ang mga larawan na paboritong bagay ni Oskar. | Pagkatapos basahin, itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Anong hayop ang bida sa ating kuwento?<br><br>2.Saan siya nakarating?<br><br>3.Ano ang mga nakita niya dito? | Maglaan sa mga mag-aaral ng mga salita, parirala at pangungusap na may kasama 2 o 3 letra kasama ang m,s,a,i at o.<br>Tumawag ng isang mag-aaral na nais magbasa ng salita, parirala at pangungusap.<br><br>Mga listahan ng mga salita:<br><br>mani<br>mais<br>mina<br>mesa<br>Oni oso |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Ipaalam na isa sa mga mag-aaral na si Mimi ay kailangan ng gabay o tulong sa pagbasa ng mga salita at pangungusap.<br><br>Tumawag ng isang boluntaryong magbabasa at magpapantig ng mga sumusunod na salita:<br><br>misa sama<br><br>mais<br><br>isa<br><br>sasama<br><br>Pahayag at pangungusap:</td>
<td>Tumawag ng isang mag-aaral at ipost ito sa pisara. Pangalanan ang bawat salita, bigyan diin ang tunog ng letrang O. Pagkatapos tumawag ng mga mag-aaral para isulat ang letra sa ilalim ng bawat larawan.</td>
<td>4. Ano ang mga naramdaman niya sa bagong lugar?<br><br>Ipasalaysay ang kuwento na nabasa gamit ang Graphic organizer:<br><br><table><tr><th>Simula</th><th>Gitna</th><th>Katapusan</th></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr></table><br>Gabayan sila sa paggamit ng salitang una, sumunod, at pinakahuli. Habang nagkukuwento. Pwede din magkuwento gamit ang salitang nais nila o batay sa naaalala nila sa kuwento.<br><br>Pagkatapos sabihin sa mga mag-aaral na pantigin ang salitang oso</td>
<td>momo<br><br>Parirala:<br><br>ay mani aso,<br>ay oso ay<br>sasama ay<br>mais<br>mama isa<br><br>Pangungusap<br><br>Si Ami ay may aso.<br>Si Mimi ay may oso.<br>Ang oso ay maamo.<br><br>Pagkatapos basahin ang pangungusap, itanong ang mga sumusunod para makita natin kung ito kanilang naunawaan.<br><br>1. Sino ang may aso?<br>2. Anong alaga ni Mimi?<br>3. Ano ang ugali ng oso?</td>
</tr>
<tr>
<td>Deepening Understanding of the Key Idea/ Stem</td>
<td>Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Ano ang naramdaman ni Mimi sa kaarawan niya? Ano ang mga maaaring</td>
<td>Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Ano ang sinasagot sa tanong na ‘sino’?</td>
<td>Tumawag ng isang mag-aaral para ipasalaysay ang kuwento.<br><br>Tapos awitin ang letrang O at sanayin ang pagsulat ng letrang O sa hangin, palad, mesa, atbp.</td>
<td>Pangkatin ang klase. Bigyan ang bawat pangkat ng sumusunod na parirala at pangungusap at sabay sabay nila itong babasahin:<br><br>Si Ami ay may oso.<br>Ang oso ay maamo.</td>
</tr>
</table>



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | maramdaman natin sa ating kaarawan?<br><br>Pangkatin ang mga mag-aaral sa maliit na pangkat at ipabasa sa kanila sabay sabay ang mga sumusunod na teksto:<br><br>Sasama sa misa/simbahan si Ami.<br><br>Isama sa misa si Mimi.<br><br>Pagkatapos basahin ng bawat pangkat ang teksto, itanong ang mga sumusunod na katanungan:<br><br>1. Saan sasama si Ami?<br><br>2. Sino ang mga sasama sa misa? | Ipaliwanag na ang salitang ANO ay sumasagot at ginagamit kung ang tinatanong ay tungkol sa tao.<br><br>Pagkatapos awitin ang letrang O at sanayin iguhit ang letrang O sa hangin, palad at mesa atbp.<br><br>Maglaro ng "clock game". Sabihin sa mga mag-aaral na kailangang nilang piliin ang larawang na nagsisimula sa tunog ng letrang o at ilagay ito sa relos ng O.<br><br>Picture choices:<br><br>okra, oso, ospital, oto, oktopus, isda, aso, sapatos | Pangkatin ang mga mag-aaral at ipabasa sa kanila sabay sabay ang mga sumusunod na pangungusap:<br><br>Maamo ang oso.<br><br>Si Siso ang amo.<br><br>Maamo ang oso sa amo.<br><br>Pagkatapos basahin ng bawat pangkat, ipasagot ang mga sumusunod na katanungan:<br><br>1. Ano ang maamo?<br><br>2. Sino ang amo?<br><br>2. Kanino maamo ang oso? | Si Ami at ang oso.<br><br>Pagkatapos basahih ang maikling kuwento, itanong ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Sino ang may oso?<br>2. Ano ang masasabi mo sa oso?<br>3. Bakit kaya may oso si Ami? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| After/Post-Lesson Proper | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Making Generalizations and Abstractions* | Sabihin sa mga mag-aaral na mag-isip/ magnilay/magbalik-tanaw at kumpletuhin ang mga pahayag:<br><br>Ang natutuhan ko sa araw na ito ay _____.<br><br>Nalaman ko rin na kapag pinagdiriwang ang kaarawan, _____ ang karaniwang damdamin ko. | Sabihin sa mga mag-aaral na mag-isip/ magnilay/magbalik-tanaw at kumpletuhin ang mga pahayag:<br><br>Ang natutuhan ko ngayong araw ay _____ at ________.<br><br>Ang sinasagot sa tanong na sino ay_____. | Sabihin sa mga mag-aaral na mag-isip/ magnilay/magbalik-tanaw at kumpletuhin ang mga pahayag:<br><br>Ang natutuhan ko ngayong araw ay _____ at ________.<br><br>Kapag magsasalaysay ng kuwento, gagamitin ko ang mga salitang _____. | Sabihin sa mga mag-aaral na mag-isip/ magnilay/magbalik-tanaw at kumpletuhin ang mga pahayag:<br><br>Ang natutuhan ko ngayong araw ay _____ at ________. |
| *Evaluating Learning* | *Additional Activities for Application or Remediation (if applicable)* | Habang nagkakaroon ng pangkatang pagbasa, ang guro ay maaaring umikot sa bawat pangkat at tignan kung ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagpapantig/pagbabasa. Gabayan ang pangkat na kailangan ng tulong sa pagbabasa/pagpapantig. | Basahin at ipares/itambal sa tamang larawan sa pangungusap.<br><br>(Refer to worksheet)<br><br>Maamo ang aso.<br><br>Si Siso ang amo.<br><br>Maamo ang aso sa amo.<br><br>Pagsasanay sa pagsulat ng lettrang O. | Tumawag ng isang mag-aaral para basahin ang maikling kuwento:<br><br>**Mais sa Mesa**<br>Mama, mama<br>May mais sa mesa.<br>Ang mais sa mesa ay isa.<br>May mais si Emi sa mesa.<br><br>Itanong ang mga sumusunod na tanong:<br>1. Ano ang nasa mesa?<br>2. Ilan ang mais sa mesa?<br>3. Kanino ang mais sa mesa?<br>4. Kung ikaw si mama, bibigyan mo ba ng mais ang iba? Bakit? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 5. Bilang respeto kay Mama, ano ang sasabihin mo sa kanya? |
| | *Remarks* | Ilahad ang aralin sa wika na sa tingin natin makakabuti sa ating mag-aaral .<br><br>Tiyakin na lahat ng mag-aaral makasasagot sa pamamagitan ng simpleng kilos at salita para maipahayag ang kanilang damdamin.<br><br>Isama sa araw araw na gawain ang pag-awit ng awiting abakada. | | 6. |

Inihanda ni: ________________________ Guro

Nirebyu ni: ________________________ Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni: ________________________ School Head



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph